| | |
|---|---|
| Grado 7 | Mga Saksi ng Kasaysayang Pilipino |
| Markahan 2 | Pagsibol ng kamalayang Pilipino |
| Modyul 3 | Kilusang Propaganda |
| Gawain | 1. Mga repormista at kanilang adhikain<br>2. Mga problema ng kolonya ayon sa propagandista<br>3. Sariling dyaryong pampropaganda |
| Bilang ng oras | Pito (7) |

**MODYUL SA PAGKATUTO**

## Pangkalahatang Ideya

Isa sa mga tagapaghubog ng kamalayang Pilipino sa siglo 19 ay ang Kilusang Propaganda. Marami sa mga kasapi nito ay mga kabataan at mag-aaral. Bunga ng kanilang edukasyon, naging mapanuri ang mga propagandista sa mga suliranin ng bayan tulad ng maling pamamalakad ng mga Espanyol sa Pilipinas, pang-aabuso ng mga prayle at ang kawalan ng kamalayan bilang Pilipino.

Dahil sa kanilang karanasan at kamulatan, naging aktibo ang mga edukadong Pilipino sa kampanya tungo sa reporma at iba't iba ang kanilang pamamaraan. May ilang nagbigay ng talumpati, may ilang gumamit ng sining-biswal, at ang karamihan ay idinaan sa panulat. Iba-iba man ang pamamaraan, nagkaisa sila sa pagpaparating ng totoong kalagayan ng Pilipinas at sa paghingi ng reporma. Sa Espanya umikot ang kampanya ng mga Pilipinong propagandista at ang mga opisyal na Espanyol ang pangunahing pinag-ukulan ng panawagan sa reporma.

Sa modyul na ito, tatalakayin ang mga panulat ng mga repormista at kanilang adhikain, ang mga suliranin ng Pilipinas at ilang mungkahi para mabigyang solusyon ang mga ito.

## Gawain 1. Mga Repormista at ang kanilang Adhikain

1. Magbalik-aral sa nakaraang modyul tungkol sa tema ng progreso sa ika-19 na siglo. Sa kanyang *Ang Progreso ng Pilipinas* (1881), hiningi ni Gregorio Sancianco mula sa pamahalaang Espanyol ang mga pagbabago sa Pilipinas na magbibigay daan sa kaunlaran ng kolonya. Isa si Sancianco sa mga unang Pilipinong nag-aral at nanirahan sa Espanya. Ang iba pang mga Pilipinong mag-aaral sa Espanya noong ika-19 na siglo ang sumusunod.



Jose Rizal
Paaralan: Ateneo Municipal, Universidad de Santo Tomas, Universidad Central de Madrid
Kurso: Medisina



Marcelo H. del Pilar
Paaralan: Colegio de San Juan de Letran, Universidad de Santo Tomas
Kurso: Abogasya



Mariano Ponce
Paaralan: Colegio de San Juan de Letran, Universidad Central de Madrid
Kurso: Medisina



Juan Luna
Paaralan: Ateneo Municipal, Academio de Dibujo y Pintura
Kurso: Pagpipinta



Antonio Luna
Paaralan: Universidad de Santo Tomas, Universidad de Barcelona
Kurso: Parmasya



Graciano Lopez-Jaena
Paaralan: Universidad de Valencia
Kurso: Medisina

2. *Ilustrado* ang tawag sa mga edukadong Pilipino, na karamihan ay nanggaling sa mga pamilyang may kaya. Ilan din sa kanila ay nag-aral at o nanirahan sa Espanya tulad ng mga nasa itaas.

3. Sa pamamagitan ng edukasyon, nabuksan ang kanilang mundo sa Europa at mga bagong ideya, at nilayon ng mga ilustrado na magkaroon ng pagbabago sa Pilipinas. Kanilang isinagawa ang kampanya para sa reporma sa pamamagitan ng pagsulat ng mga artikulo sa dyaryo, kung kaya tinawag na Kilusang Propaganda ang kanilang kampanya. Hinarap nila ang kanilang mga petisyon sa mga nanungkulan sa Espanya. Dahil mga edukado—bihasa sa wikang Kastila, ang midyum ng pagtuturo sa paaralan—at nanirahan sa Espanya, kadalasan silang sumulat sa Kastila, maliban kay Marcelo del Pilar, na sumulat sa Tagalog bago siya lumipat sa Espanya (dahil hinahabol na siya ng gobyerno sa Pilipinas).

4. Noong 1889 itinatag sa Barcelona (sa timog silangang Espanya) ang *La Solidaridad* ("Ang Pagkakaisa"), ang dyaryo ng kilusang reporma. Bago ito talakayin, ipaliwanag ang halaga o ang gamit ng dyaryo (lokal o pahayagan ng paaralan) sa araw-araw na buhay. Ibahagi ang iyong sagot sa klase.

______________________________________________________________

______________________________________________________________

5. Ganoon din ang papel ng dyaryong *La Solidaridad* sa komunidad ng mga Pilipino sa Espanya at mga Espanyol na nakiisa sa mga repormistang Pilipino. Tingnan ang sumusunod na impormasyon.


La Solidaridad
Quincenario democrático

La Solidaridad

- Opisyal na pahayagan ng Kilusang Propaganda. Lumabas ang unang isyu nito noong 15 Pebrero 1889. Naging punong-patnugot si Graciano Lopez-Jaena na sinundan ni Marcelo H. del Pilar. Naging kasamang patnugot si Mariano Ponce.

- Naglalaman ang pahayagan ng mga hiling para sa reporma sa kolonya, ulat tungkol sa kondisyon at pangyayari sa Pilipinas, mga talumpati at kautusan na may kinalaman sa Pilipinas, at mga akda tungkol sa kasaysayan, kultura at wikang Pilipino. Kabilang sa mga nagbigay ng kontribusyon sa pahayagan ay sina Jose Rizal, Isabelo de los Reyes, Jose Alejandrino, Ferdinand Blumentritt, at iba pa.

- Nakasentro ang pahayagan sa Barcelona, Espanya. Maliban sa mga Pilipino na nakatira sa Europa, iniukol din ang pahayagan para sa mga opisyal ng pamahalaang Espanya. Bagaman mahigpit ang sensura sa Pilipinas, ang ilang kopya ng pahayagan ay nakapasok sa Maynila. Inilabas ang huling isyu noong Nobyembre 1895.

6. Bahasin ang sipi mula sa isyu ng *La Solidaridad* noong 15 Abril 1889 na nagpaliwanag ng layunin ng pahayagan at adhikain ng mga ilustradong repormista.

*The Aspirations of Filipinos*

*His Excellency, the Minister of Colonies*

*Your Excellency,*

*The Spanish-Filipino Association in Madrid; the Solidaridad, an association of Filipinos living in Catalonia; La Solidaridad, a newspaper published in Barcelona, and various Spaniards whose signatures appear below, have the honor to submit to Your Excellency this petition.*

*During the last few years, the culture of the Philippines has been developing in such a way that it is now equal to that of the other provinces of Spain.*

*The time has come therefore to grant to that Spanish region [Philippines] the fundamental rights enjoyed by every Spaniard, such as:*

1. *Representation in the Cortes*
2. *Abolition of censorship*
3. *Speedy and final prohibition of the current practice… [of] deporting citizens*

*In view thereof, the petitioners have the honor to request the Minister of Colonies to do everything possible so that there may be an immediate application in the Philippines of all laws which guarantee said rights.*

*Barcelona, 25 April 1889*

Miguel Morayta, Galicano Apacible, Marcelo H. del Pilar, Mariano Ponce, Celso Mir Deas, Emilio Junoy, Damaso Ponce, Santiago Icasiano, Antonio Moreno, Ricardo Villanueva, Manuel Dodero, Antonio Bicamps, P. Ma. Jomapa, Pablo Rianzares, Graciano Lopez, A. Julla, Agustin Rexeres, etc. (more signatures follow)

*La Solidaridad*, 25 Abril 1889, vol. 1, trans. by Guadalupe Fores-Ganzon (Lungsod Pasay: Fundacion Santiago, 1996): 1: 121.

Glosari

Catalonia – rehiyon sa hilagang silangan ng Espanya
*Cortes* – Lehislatura ng pamahalaang Espanya
Censorship – pagpuna at pagbawal sa pahayagan at ibang publikasyon
Deport – itapon sa ibang lugar
Minister of Colonies – Opisyal ng Espanya na nangangasiwa sa administrasyon ng mga kolonya; nakabase ito sa Espanya mismo
Prohibition – pagbawal

7. Sumapi sa grupo. Bilugan o kulayan ang bahagi ng petisyong sumasagot sa tanong sa ibaba. Isulat kung aling tanong ang sinasagot ng binilugan o kinulayan.

a. Sino ang sinulatan ng liham-petisyon?
b. Sinu-sino ang pumirma sa liham-petisyon?
c. Anu-ano ang nasyonalidad ng mga pumirma?
d. Ano ang hiningi ng mga pumirma sa petisyon?
e. Ano ang ginamit na batayan ng mga nagpetisyon para isulong ang kanilang hinihiling?


8. Sagutin ang tsart.

| | |
|---|---|
| a. Bakit sumulat sa Ministro ng Kolonya sa Espanya at hindi sa opisyal na nasa Pilipinas? | |
| b. Ano kaya ang *impact* ng sulat kung may mga Espanyol ding pumirma sa hinihinging pagbabago? | |
| c. Anong mga benepisyo ang makukuha ng Pilipinas sa mga repormang hiningi sa petisyon? | |

8. Ibahagi sa klase ang mga sagot ng grupo. Talakayin ang kahalagahan ng mga repormang hiniling ng Kilusang Propaganda.

**Gawain 2. Mga Problema ng Kolonya ayon sa Propagandista**

1. Ang mga repormang pinetisyon ng mga propagandista ay tugon sa nakikita nilang problema sa kolonya. Marami ang mga problema sa panahong iyon, at ang pinakamahalaga ay nahahati sa tatlong kategorya.



2. Sumali sa grupo upang suriin ang mga problemang ito sa pananaw ng mga repormista. Basahin ang inatasang sipi sa bawat grupo at sagutin ang mga gabay na tanong.

- Grupo 1 at 2: sipi mula kay Marcelo H. del Pilar
- Grupo 3 at 4: sipi mula may Graciano Lopez-Jaena
- Grupo 5 at 6: sipi mula kay Jose P. Rizal

3. Para sa Grupo 1 at 2, ang sipi sa ibaba ni del Pilar ay unang lumabas sa isang pahayagan sa Barcelona, Espanya noong 12 Enero 1888.

*Monarchism in the Philippines*
Marcelo H. del Pilar

*It has always been said that the friar handles the Filipino as he pleases. Based on this assumption, the government abstains from emancipating the schools in the Philippines from theocratic-monarchal tutelage.*

*Orally and in writing, in the pulpits as well as in diocesan pastorals, dogmas, rites and all the most sacred things were very subtly invoked by the clergy in defense of their casual [financial] collections.*

*Funeral services and ceremonies, whatever these may cost, are an imposition on the Filipino people. And we can cite thousands of cases when a lack of means to pay for funeral ceremonies had made destitute orphans shed bitter tears.*

*The poor has swallowed all these abuses in silence, for it cannot but accept that in the Philippines it requires great effort to reveal the truth and it has always been difficult, if not impossible, to obtain justice when the defendants belong to the regular clergy.*

Marcelo H. del Pilar, *Frailocracy in the Philippines*, trans. by Leonor Grava (Manila: National Historical Institute, 2009), pp. 47-51.

Glosari

Abstain – pigilan, huwag ipatupad
Assumption – palagay
Defendant – nasasakdal, akusado
Destitute – kaawa-awa
Diocesan – tumutukoy sa Simbahan o parokyang Katoliko
Dogma – paniniwala, pananampalataya
Imposition – pasanin
Monarchism – pamamahala ng mga prayle o paring Kastila, ang kanilang impluwensiya at kapangyarihan
Pastoral – gawain ispiritwal ng Simbahang Katoliko
Pulpit – ang tinatayuan ng pari tuwing nagbibigay ng sermon at ng mga tagabasa ng Bibliya; kadalasang makikita sa harap ng simbahan

Regular clergy – mga paring nabibilang sa isang orden katulad ng mga Agostino, Heswita, at Dominikano, at lahat ay Espanyol; sa panahon ng mga Espanyol, karamihan sa mga parokya ay pinamunuan ng mga orden
Rite – ritwal; gawaing ispiritwal
Shed tears – umiyak
Theocratic – pangingibabaw ng relihiyon sa pamahalaan; sa panahon ng kolonyalismong Espanyol, ang gobyerno at ang simbahan ay magkasanib at kapwa makapangyarihan
Tutelage – pananakop, kontrol

a. Ilista ang mga impormasyong makukuha at mahihinuha tungkol sa mga prayle sa panahon ng mga Espanyol. Gamitin ang gabay na tanong.

| Talata | Gabay na Tanong | Sagot |
|---|---|---|
| 1 | a. Aling salita ang nagsasaad ng lawak ng kontrol ng mga prayle sa mga Pilipino? | |
| | b. Anong aspeto ang hinayaan ng gobyerno na impluwensyahan ng mga pari? | |
| 2 at 3 | c. Ano ang ginamit na dahilan ng mga prayle para mangolekta ng pera sa mga Pilipino? | |
| | d. Bakit nasabing di makatarungan ang ginawang pangongolekta? | |
| 4 | e. Bakit magiging walang silbi kung ireklamo man sa korte ang di makatarungang pangongolekta? | |

b. Mahilig si Marcelo H. del Pilar sa satiriko (*satire*), tulad ng ‘dasal’ sa ibaba. Ang satiriko ay ang paggamit ng katatawanan o eksaherasyon upang ilantad o tuligsain ang isang kamalian. Basahin ang sipi mula sa “Dasalan at Toksohan” ni del Pilar.

Aba Ginoong Barya
Marcelo H. del Pilar

Aba ginoong Barya, nakapupuno ka nang alkansya, ang Fraile ay sumasainyo. Bukod ka niyang pinagpala't higit sa lahat, pinagpala naman ang kaban mong mapasok. Santa Barya, Ina nang Deretsos, ipanalangin mo kaming huwag anitan ngayon at kami ipapatay. Siya naua.

Marcelo H. del Pilar, "Dasalan at Toksohan," sa Antonio Valeriano, *Marcelo H. Del Pilar: Ang kanyang Buhay, Diwa at Panulat* (Bulacan: Samahang Pangkalinangan ng Bulakan, 1984) p. 240.

Glosari

Anitan – kalbuhin o ahitan ng buhok gaya sa mga pari
*Fraile* – prayle; sa panahon ng Espanya, mga pari na nabibilang sa isang orden
*Deretsos* – batas o katuwiran

c. Suriin ang 'dasal' ni del Pilar at sagutin ang mga tanong.

| | |
|---|---|
| a. Anong mga pagmamalabis ng prayle ang inilantad sa sipi? Tukuyin ang mga salita sa 'dasal' na nagpapahiwatig ng pagmamalabis. | |
| b. Para kanino, sa tingin ninyo, ang 'dasal' na ito? Sino ang kausap ni del Pilar? | |
| c. Mabisa kaya ang paggamit ng satiriko? Bakit o bakit hindi? | |

4. Para sa Grupo 3 at 4, ang sipi mula sa sanaysay ni Graciano Lopez Jaena, isa sa mga patnugot ng *La Solidaridad*, na pinamagatang "The Distressing Situation of the Philippines," inilathala noong 1887.

*The ineptitude of the chief executives in the Philippines is the prime cause of the disaster that threatens to destroy it completely. There is no material improvement at all that anyone can see in the archipelago. The Office of Civil Administration administers nothing, develops nothing, and civilizes no one. The governor-general… has little time to spare for governing the Philippines or promoting its development.*

*The rapid turn-over of civil service personnel is another prolific source of corruption and confusion in the Philippines, as indeed in all colonial countries. If to this is added the notorious incapacity of most of these bureaucrats, it is clear that as wave after wave of them passes through the country there will soon be nothing left.*

> *We are perfectly aware of the fact that there are royal decrees directing that natives be employed in the colonial government and civil service. We are also perfectly aware that these decrees are not observed; that the law on this point is a dead letter, as well as everything else that has been written on the subject.*
>
> Graciano Lopez Jaena, "The Distressing Situation of the Philippines," sa Horacio de la Costa (ed.), *Readings in Philippine History* (Manila: Bookmark, 1965) pp. 225-227.

Glosari

Bureaucrat – taong gobyerno
Dead letter – walang pakinabang; walang bias
Distressing – nakakabagabag
Governor-General – pinakamataas na opisyal ng gobyernong kolonyal sa Pilipinas
Ineptitude – kawalan ng kakayahan
Notorious – kilala bilang masama o di kanais-nais
Prolific – mabunga
Time to spare – oras na gugulin
Turnover – pagpalit-palit

Sagutin ang tsart sa ibaba.

| Aspeto | Anong problema ang nakita sa … |
|---|---|
| a. Pagtupad ng mga opisyal ng kanilang tungkulin | |
| b. Kasanayan ng mga empleyado ng pamahalaan | |
| c. Pagpapalit ng mga opisyal at empleyado | |
| d. Pagtupad sa batas tungkol sa pag-empleyo ng mga Pilipino sa pamahalaan | |
| e. Kalagayan ng Pilipinas | |

| | |
|---|---|
| f. Sa tingin ninyo, mayroon pa bang problema sa itaas na nananatili pa rin ngayon? Aling problema? Magbigay ng halimbawa. | |

5. Para sa Grupo 5 at 6, ang sipi ni Jose Rizal ay galing sa sanaysay na kanyang sinulat noong 1890, "On the Indolence of Filipinos" ("Tungkol sa Katamaran ng mga Pilipino"), na inilathala sa *La Solidaridad*.

> *The lack of national sentiment brings another evil which is the absence of all oppositions to measures prejudicial to the people and the absence of any initiative in whatever may redound to its good. A man in the Philippines is nothing more but an individual; he is not a member of a nation. He is forbidden and he is denied the right of association; therefore, he is weak and slow. The Philippines is an organism whose cells do not seem to have either an arterial system to irrigate it or a nervous system to communicate its impressions….*
>
> *The result of this is that if a prejudicial measure is ordered, no one protests; all goes well apparently until later the evils are felt…. The organism has neither nerves nor voice…. It needs a reform, but as it must not speak, it keeps silent and remains without the need….*
>
> *In addition to this, love of peace and the honor many have of accepting the few administrative positions which fall to the Filipinos on account of inconveniences and annoyances these cause them, place at the head of the towns the most stupid and incapable men, those who submit to everything, those who can endure all the caprices and exactions of the curate and of officials. With stupidity in the lower spheres of power and ignorance and indifference in the upper echelons, with the frequent changes [of officials] ..., with a people without a voice, initiative, or cohesion, with employees who nearly all strive to amass a fortune…, with inhabitants who live in great hardship from the moment they begin to breathe, [is it possible to] create prosperity, agriculture and industry, found enterprises and companies…?*

Jose P. Rizal, "On the Indolence of the Filipinos," 31 Agosto 1890, *La Solidaridad* II, 39: 419.

Glosari

Amass – makakuha ng maraming bagay, pera o ari-arian
Annoyance – pagkainis
Apparent – malinaw

Arterial system – tumutukoy sa koneksyon ng mga ugat sa katawan na pinagdadaluyan ng dugo
Caprice – kapritso
Cohesion – pagkakaisa
Curate – prayle o paring Espanyol
Echelon – antas
Enterprise – negosyo
Exaction – pangingikil; pagkuha
Found – magtayo; magtatag
Impression – nararamdaman
Inconvenience – istorbo
Indifference – kawalang bahala; walang pakialam
Initiative – kusang loob
Prejudicial – mapanganib
Redound – magresulta; magdulot
Submit – tanggapin; pumayag

Sagutin ang sumusunod na tanong.

| | |
|---|---|
| a. Ano ang ibig sabihin ni Rizal sa "national sentiment" (damdaming pambansa)? | |
| b. Anu-anong mga halimbawa ang ibinigay niya upang patunayan ang kawalan ng ganitong kamalayan? | |
| c. Sa tingin ni Rizal, bakit wala o mahirap hubugin ang kamalayang ito? | |
| d. Bakit mahalaga ang pagbuo ng damdaming pambansa sa ika-19 na siglo? | |

| | |
|---|---|
| e. Sa tingin ninyo, problema pa ba ngayon ang kawalan ng damdaming pambansa? Patunayan ang inyong sagot. | |

6. Ibahagi sa klase ang mga sagot ng grupo. Pakinggang mabuti ang sagot ng bawat grupo upang maunawaan ang mga problema noong ika-19 na siglo. Lumahok sa pagtataya ng klase sa kasalukuyang panahon: alin sa mga problemang tinukoy ng mga repormista sa siglo 19 ay problema pa rin ngayon?

**Gawain 3. Sariling Dyaryong Pampropaganda**

1. Sumapi sa grupo upang gumawa ng sariling dyaryong nilalayong ikalat ang reporma ng Pilipinas sa ika-19 na siglo. Gamitin ang mga sipi sa Gawain 1 at 2 bilang basehan ng nilalaman.

2. Nakalista sa ibaba ang lalamanin ng peryodiko.

Pangalan ng Dyaryo

- Gumawa ng sariling pamagat para sa pahayagan na nagpapahiwatig ng layunin ng samahan at ng panahong siglo 19. Lagyan din ito ng logo at *motto*.

Editoryal

- Ang punong patnugot ay gagawa ng editoryal. Naglalaman ito ng opinyon o pananaw tungkol sa isang isyu o kaganapan noong siglo 19.

Mga Balita

- Sumulat ng tatlong balita tungkol sa problema ng kolonya at mga mungkahing solusyon ng Kilusang Propaganda. Huwag kopyahin ang sipi; gawin lamang itong gabay. Isulat ang mga balita sa sarili ninyong salita. Huwag kalimutang isulat ang pinagkunan ng impormasyon.

Mga Malikhaing Akda

- Isang tula, kakikatura o maikling sanaysay tungkol sa isyu, pangyayari, o tauhan noong siglo 19.

3. Iharap sa klase ang ginawa ng grupo at ipaskil sa *bulletin board* upang makita ng lahat. Gamitin ang pamantayan sa ibaba para sa ebalwasyon ng bawat dyaryo.

a. Lagyan ng tsek ang kolum kung natugunan ng bawat grupo ang mga hinihinging bahagi sa paggawa ng dyaryo.

| Bahagi ng Dyaryo | Grupo 1 | Grupo 2 | Grupo 3 | Grupo 4 | Grupo 5 | Grupo 6 |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pangalan | | | | | | |
| Logo | | | | | | |
| *Motto* | | | | | | |
| Editoryal | | | | | | |
| Mga balita | | | | | | |
| Tula, karikatura, guhit o ibang malikhaing akda | | | | | | |
| Mga sanggunian | | | | | | |

b. Markahan ang nilalaman ng dyaryo gamit ang sumusunod na *rubric*: 1 bilang pinakamababa at 5 bilang pinakamataas. Ang kabuuang marka ay ang *average* ng lahat ng marka.

| Kalidad ng Dyaryo | Grupo | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 |
| Malinaw ang paglahad ng editoryal at ang isyung tinalakay; may halimbawang sumusuporta sa posisyon ng editorial. | | | | | | |
| Sapat ang bilang ng mga balita; sinasalamin nito ang mga pangyayari at problema noong siglo 19; kumpleto ang detalye ng mga balita. | | | | | | |
| Malikhain ang tula, sanaysay, o karikatura; sinasalamin ang panahon ng siglo 19 | | | | | | |
| Mahusay ang *lay-out*; malikhain ang kabuuang disenyo ng pahayagan | | | | | | |
| Sumasalamin ang pangalan, logo at *motto* ng dyaryo sa adhikain ng Kilusang Propaganda; naipaliwanag sa klase ang kahulugan ng logo at *motto* | | | | | | |
| Kabuuang Marka | | | | | | |

**Transisyon sa Susunod na Modyul**

Hindi man nagtagumpay ang Kilusang Propaganda, naimpluwensiyahan nito ang Katipunan na itinatag pagkatapos itinapon si Rizal sa Dapitan. Ang organisasyon ng Katipunan, halimbawa, ay katulad ng istruktura ng La Liga Filipina na itinayo ni Rizal noong 3 Hulyo 1892. Sa mga unang buwan ng Katipunan ay dinalaw si Rizal ni Pio Valenzuela, isa sa mga lider ng Katipunan, upang hingin ang kanyang opinyon at payo para sa pinaplanong himagsikan. Tatalakayin ng susunod na modyul ang rebolusyon laban sa Espanya.